www.kidsworship.kr

9st Story

# Hindi mo mapipigilan ang Ebanghelyo!











**Narration** Ang mga miyembro ng simbahan sa Antioquia ay ang mga unang tao na tinawag na Kristiyano.

**Passerby** Ang mga taong iyon ay mga Kristiyano!

**Narration** Isang araw, habang nag-aayuno at sumasamba ang mga mananampalataya, nagsalita ang Banal na Espiritu..

**Holy spirit** Ibukod ninyo sina Bernabe at Saulo dahil may ipapagawa ako sa kanila.

**Christian 1** Kung iiwan tayo ni Saulo at Bernabe, paano na tayo niyan?

**Christian 2** Hindi ko maisip na, hindi natin sila makakasama……

**Barnabas** Kailangan nating sundin ang kalooban ng Diyos, hindi ang iniisip natin.

**Paul** Tama iyan! Ang Diyos ay ang Panginoon ng ating simbahan, kaya huwag kayong mag-alala at ipa-ubaya na natin ito sa Diyos.

**Narration** Pagkatapos nito, si Bernabe at Saulo ay sumunod sa salita ng Banal na Espiritu at nagsimulang magmisyon, naglakbay sila sakay ng bangka at ipinalaganap ang ebanghelyo sa malalayong lugar. Matapos maglakbay ng napakalayo, dumating sina Bernabe at Saulo kasama ang kanilang grupo sa isang isla na tinatawag na Cyprus, at huminto sa isang lugar na tinatawag na Pafos.

**Paul** Ahh!!! Dito pala ang Pafos!

**Barnabas** Pafos? Tayo ay nasa Cyprus!

**Paul** Hindi! Pafos ito.

**Barnabas** Hindi nga! nasa Cyprus tayo.

**Paul** Hindi! Pafos nga ang lugar na ito.

**Barnabas** Hindi nga…. ang lugar na ito ay Cyprus.

**Narration** Sa lugar na iyon, nakilala ni Saulo at nang kanyang mga kasamahan si gobernador Sergio Paulo, ibinahagi din nila ang salita ng Diyos sa kanya. Si Gobernador Sergio Paulo ay may isang kaibigan na salamangkero, ang pangalan nito ay Bar-Jesus, ang taong ito ay ayaw makinig sa Salita ng Diyos.

**Barjesus** Hay!!!!!~! Nakakainis talaga~! Paano kung ang mga taong ito na nangangaral ng Salita ng Diyos ay paniwalaan ng mga tao? aaahhhh!!! kung magkagayon, Baka hindi na ako pakinggan ng mga tao, baka hindi na ako maging sikat. Paano kung pakinggan ng gobernador ang Salita ng Diyos? Hindi ito maaari!!!!!!!! sisiraan ko sila.

**People** Hindi na natin kailangang pumunta kay Barjesus! / Hindi na natin siya kailangan / Siya ay peke.



**Barjesus** Nakuuuu, kung magpapatuloy ito, tuluyan na akong masisira! Aahhhh Tama! Hindi dapat makinig ang gobernador sa Salita ng Diyos, guguluhin ko ang mga apostol!!!!.

**Narration** Kaya't ginulo ni Barjesus sina Saulo at Bernabe na nangangaral ng Salita ng Diyos sa mga tao..



**Barjesus** Gobernador! lahat sila ay sinungaling. Hindi ka dapat makinig sa kanila! Gobernador, palayasin mo sila sa islang ito!

**Narration** Nang oras din iyon, si Saulo na tinatawag ring Pablo ay napuspos ng Banal na Espiritu. At pinagsabihan niya ang masamang salamangkero.

**Paul** Ikaw! Napakasama mo, puno ka ng kasinungalingan at masasamang gawa!! Ginagawa mong baluktot ang daan ng Panginoon~!! At dahil diyan! Bubulagin ka ng Panginoon at pansamantalang hindi ka muna makakakita.

**Barjesus** Ha! Ganun ba!!!!! Hindi ako natatakot!!! Ahhh Sino ang nagpatay ng ilaw? Isindi ninyo ang ilaw! Hindi ako makakita, Uhhh Paano nangyari ito……. Gobernador ... hindi po ako makakita.



**Narration** Pagkatapos sabihin ito ni Apostol Pablo, agad na nabulag si Barjesus. Si Sergio Paulo, ang gobernador na nakakita ng eksenang ito ay labis na na-gulat at napaisip tungkol dito.

**Sergius Paulus** Ah... totoo nga... totoo talaga ang Diyos na kanilang ipinangangaral. Totoo ngang talaga. Siya talaga ang tunay na Diyos..Siya ang tunay na Diyos!



**Narration** Pagkasabing-pagka-sabi ni Apostol Pablo ng mga salitang iyon, si Bar-jesus ay agad na nabulag. Sumampalataya ang gobernador nang makita ang nangyari, at humanga siya sa katuruan tungkol sa Panginoon. Tinanggap niya si Hesus at naging Kristiyano.

**Sergius Paulus** Wawwwww: Talagang nakaka-mangha…..Ang Diyos ay Talagang totoo. Ako din ay magiging totoong Kristyano.

**Barjesus** Ahhhhhh! Hindi ko dapat hinadlangan ang Salita ng Diyos!!!! hayyyyyy!!!! Tunay nga na ang Magandang Balita ay ang Salita ng Diyos…….